

# ANG NFA PROCUREMENT PROGRAM

## Post-RA 11203, or the Rice Tariffication Law

### Ano ang Rice Tariffication Law at ano ang epekto nito sa National Food Authority ?

Ang Republic Act 11203 (An Act Liberalizing the Importation, Exportation and Trading of Rice, Lifting for the Purpose the Quantitative Import Restriction on Rice and for Other Purposes) ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte bilang isang batas noong Pebrero 14, 2019 at nagkaroon ng bisa noong Marso 5, 2019.

Maliban sa pag-alis sa kapangyarihan at papel ng NFA hinggil sa pag-aangkat ng bigas, inalis din ang iba pang regulatory functions nito sa lokal na industriya ng butil; tulad ng pagrerehistro, paglilisensya at pangangasiwa sa mga mangangalakal ng bigas; pagsubaybay at pamamahala sa kalakalan ng bigas at mais upang makabuo ng mga mahahalagang impormasyon o datos na kailangan sa paggawa ng mga polisiya at mga desisyon; pagpapatupad ng mga panuntunan at regulasyon sa pagbibigas; panuntunan hinggil sa pag-aangkat o pagluluwas ng bigas; at importasyon ng bigas na gagamitin bilang reserba para sa pambansang seguridad sa pagkain, bukod sa iba pa.

Ang tanging tungkuling itinira sa NFA ay ang pag-iimbak ng bigas na kakailanganin sa panahon ng mga kalamidad at kagipitan, kung saan ito ay maisasakatupan sa pamamagitan ng pamimili ng palay mula sa mga lokal na magsasaka.

### Ano ang tungkulin ng NFA hinggil sa ‘buffer stocking’ sa ilalim ng RA 11203?

Magpapatuloy ang NFA sa pangangalaga ng buffer stocks ng pamahalaan upang agarang makatugon sa pagpapamahagi ng bigas sa panahon ng kalamidad at kagipitan saan man sa buong bansa.

### Ano ang antas ng buffer stock na kailangang panatilihin ng NFA ayon sa mandato nito?

Sa kasalukuyan, sinusunod pa rin ng NFA ang siyam (9) na araw na imbentaryo ayon sa pambansang arawang kinakailangang konsumo sa bigas (national daily consumption requirement) bilang buffer stock para sa panahon ng kalamidad o kagipitan.

### EQUITABLE NET WEIGHT FACTOR (ENWF) TABLE

| PALAY : | CLEAN AND DRY (PD) |
|---|---|
| MC% | 14 |
| 0.0 | 1.000 |
| PURITY % : 90 - 100% | |
| DISCOLORED AND DAMAGED % : 0 - 7% | |
| EFFECTIVE BUYING PRICE : P19.00 + APPROVED BSI | |

| PALAY : | FRESH/WET (PW) | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| MC% | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 0.0 | 1.040 | 1.026 | 1.013 | 1.000 | 0.986 | 0.973 | 0.960 | 0.946 |
| 0.1 | 1.038 | 1.025 | 1.012 | 0.998 | 0.985 | 0.972 | 0.958 | 0.945 |
| 0.2 | 1.037 | 1.024 | 1.010 | 0.997 | 0.984 | 0.970 | 0.957 | 0.944 |
| 0.3 | 1.036 | 1.022 | 1.009 | 0.996 | 0.982 | 0.969 | 0.956 | 0.942 |
| 0.4 | 1.034 | 1.021 | 1.008 | 0.994 | 0.981 | 0.968 | 0.954 | 0.941 |
| 0.5 | 1.033 | 1.020 | 1.006 | 0.993 | 0.980 | 0.966 | 0.953 | 0.940 |
| 0.6 | 1.032 | 1.018 | 1.005 | 0.992 | 0.978 | 0.965 | 0.952 | 0.938 |
| 0.7 | 1.030 | 1.017 | 1.004 | 0.990 | 0.977 | 0.964 | 0.950 | 0.937 |
| 0.8 | 1.029 | 1.016 | 1.002 | 0.989 | 0.976 | 0.962 | 0.949 | 0.936 |
| 0.9 | 1.028 | 1.014 | 1.001 | 0.988 | 0.974 | 0.961 | 0.948 | 0.934 |
| PURITY % : 90 - 100% | | | | | | | | |
| DISCOLORED AND DAMAGED % : 0 - 7% | | | | | | | | |
| EFFECTIVE BUYING PRICE : P16.00 + APPROVED BSI | | | | | | | | |

**Note:**

*PD - clean and dry palay (with MC% of 14% and below)*
*PW - fresh/wet palay (with MC% of 22%-29.9%)*
*MC - moisture content*

*ENWF - Equitable Net Weight Factor*
*EBP - Effective Buying Price/kg computed at NFA base price/kg plus additional incentives, if any*
*BSI = Buffer Stocking Incentive/kg*

***Sample Computation:***

| | |
|---|---|
| *Net Weight in kg:* | **10,000** |
| *MC%:* | 23.6% |
| *ENWF:* | 1.018 |
| *ENW:* | 10,180 |
| *Base Price/kg:* | 16.00 |
| *Approved BSI:* | 2.00 |
| *EBP:* | 18.00 |
| *TBP:* | **183,240.00** |

***Where:***

***ENW*** *= Equitable Net Weight of total palay deliveries computed at Net Weight x ENWF*
***TBP*** *= Total Buying Price of palay deliveries computed at ENW x EBP*

Produced by
**NATIONAL FOOD AUTHORITY**
AO-Public Affairs Division
Tel: 0917-113-9347

BAGONG PILIPINAS

Nguni't ayon sa Implementing Rules and Regulations (IRR) ng RA 11203, may aatasang third party o independent body ang NFA Council upang magsagawa ng malalim na pag-aaral upang alamin kung ano ang pinakatamang dami (optimal volume) ng buffer stock na kailangang imbakin ng NFA sa anumang panahon.

## Paano ipinatutupad ng NFA ang programa nito hinggil sa pamimili ng palay?

Ang NFA ay direktang namimili ng palay sa mga indibiduwal o mga grupo at kooperatiba ng mga magsasaka sa halagang itinakda ng pamahalaan. Ito ay upang tiyakin na ang mga magsasaka ay mayroong mapagbibilhan ng kanilang mga ani sa presyong makatwiran upang makaseguro ng sapat na kita.




## Sa kasalukuyan, magkano ang bili ng NFA sa palay?

Sa isang pagpupulong ng NFA Council noong Setyembre 18, 2023, napagkasunduan ng konseho sa pangunguna ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" R. Marcos, Jr., na itakda ang presyo ng palay sa ₱19.00/kg, at dagdagan ng ₱4.00/kg na Buffer Support Incentive o BSI para sa tuyo at malinis na palay. Nadagdagan naman ng maximum na ₱3.00/kg na BSI ang ₱16.00/kg na presyuhan para sa wet palay.

Ito ay upang tiyakin na ang mga magsasaka ay magkakaroon ng mas malaking kita. Ang bagong presyo ng palay at kaukulang insentibo nito ay epektibo simula Setyembre 20, 2023 at ito ang susunding halaga para sa kasalukuyang panahon ng anihan hanggang Disyembre ng taong kasalukuyan.

## Paano namimili ng palay ang NFA?

### *A. Klasipikasyon at Net Weight*

Ang NFA ay may sinusunod na klasipikasyon ng palay ayon sa mga sumusunod :

•Antas ng pagkabasa (moisture content o MC) – 14% (para sa malinis at tuyo) at 22% hanggang 29.9% (para sa basa na palay);

• Kalinisan (purity) – 90%-100%

• Pagkasira at pagkawala ng kulay (discolored o damaged kernels) – 0-7% Ang NFA ay may sinusunod na Equitable Net Weight (ENW) Table at ang pagkukwenta sa presyo ng palay ay batay sa mga nabanggit na pamantayan. Bagama't bumibili ang NFA ng may mas mataas na moisture content na hanggang 29.9%, ang presyo ng palay ay bumababa rin. Binabawas din sa timbang o gross weight ang timbang ng sako o pinaglagyan ng palay.

Halimbawa ng Komputasyon :

- ***Klasipikasyon ng Palay*** – PD (14% MC) = 1.00 ENWF
  ***Dami ng Palay*** (gross weight) - 150 bags x 50kg/bag = 7,500.00kg
  ***Timbang ng Sako*** - 95 gramo o 0.095kg x 150 bags = 14.25kg
  **Net Weight** = 7,485.75kg
  ₱23.00/kg x 7,485.75 = ₱172,172.25

- ***Klasipikasyon ng Palay*** - PW (23.6% MC) = 1.018 ENWF
  ***Dami ng Palay*** (in kgs) - 150 bags x 50 kg/bag = 7,500.00 kgs
  ***Timbang ng Sako*** - 95 gramo o 0.095 kg x 150 bags = 14.25 kgs
  **Net Weight** = 7,485.75kgs
  Equitable Net Weight: 7,485.75kg x 1.018 ENWF = 7,620.49kg
  Total Buying Price - ₱18.00 x 7,620.49 = ₱137.168.82




### *B. Lehitimong Magsasaka*

Ang NFA ay bumibili lamang ng palay sa mga lehitimong magsasaka at indibidwal na rehistradong kasapi ng kooperatiba/asosasyon, na nakatala sa listahan ng Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA) mula sa Department of Agriculture, sa listahan ng lehitimong tulad ng LGU, DAR, o NIA na tanggapan ng pamahalaan, o magpatala sa aming tanggapan gamit ang Farmer's Information Sheet.

### *C. Dami ng Palay*

Ang dami ng palay na maaaring ibenta sa NFA ay ayon sa lawak ng sinasaka ng isang magsasaka base sa nakatala sa Department of Agriculture (DA). Sa kasalukuyan, ang NFA ay namimili ng hanggang pitong (7) ektarya na katumbas ng produksyon. Kung kooperatiba o asosasyon ang magbebenta, ang dami ay ayon sa bilang ng kasapi nito at lawak ng sakahan ng bawa't kasapi nguni't hindi lalagpas sa pitong (7) ektarya bawa't kasapi. •Cash: up to ₱300,000

### *D. Pagbabayad*

Ang NFA ay nagbabayad sa pamamagitan ng mga sumusunod :

- Cash – hanggang ₱300,000
- Kumbinasyon ng cash at tseke – cash na hindi lalagpas sa ₱300,000 at tseke mula ₱300,001 hanggang ₱500,000.
- Tseke – kabuuang halaga ng palay kung nais ng magsasaka o kooperatiba.

### *E. Buying Stations*

Sa kasalukuyan, ang NFA ay may itinalagang mga 267 buying stations sa buong bansa na maaaring pagdalhan ng mga magsasaka ng kanilang mga ibebentang palay.